Tagalog

ANG PAGIGING PANTAY-PANTAY SA FINLAND

Mga impormasyon para sa dayuhang babae at lalake

TYÖMINISTERIÖ

Paunang-salita

Ang katayuan ng babae at lalake sa lipunan ay magkakaiba sa iba´t-ibang kultura. Katulad din ng kahulugan ng pamilya sa bawat panig ng mundo. Dito sa uhilya ay ipinapahayag ang katayuan ng babae at lalaki sa Finland at inilalarawan dito kung papaano ang mga finnish nakakaunawa sa pagkakapantay-pantay.

Ang uhilya ay ginawa para sa mga babae at lalaki at sa kanilang mga pamilya na lumipat ng tirahan dito sa Finland. Dito sa uhilya ay itinipon ang mga mahalagang impormasyon tungkol sa buhay-pamilya, pagpalaki ng anak, pagsasanay at edukasyon saka paghahanapbuhay. Ang hangarin nito ay upang matulungang maunawaan ang mga patakaran ng pamumuhay dito sa Finland.

Ang lahat ng tao sa Finland ay may karapatan at katarungang makamit ang parehong pagtuturing. Walang sinumang itinuturing na iba dahil halimbawa sa kanyang kasarian, lahi at relihiyon. Ang diskriminasyon o pagtuturing na iba sa kapwa ay ipinagbabawal sa batas ng Finland at sa iba pang maraming mga kapulungang may pang-internasyonal na kasunduan. Ang babae at lalaki ay may parehong karapatan, mga kapanagutan at pagkakataon. Ang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay ay ukol sa mga dayuhan gayundin sa mga mamamayan ng Finland.

Magtanong mula sa may awtoridad para sa posibleng paggamit ng tagasalin o sa libreng paggamit ng serbisyong para sa pagsalin ng salita

Merong karagdagang impormasyong tungkol dito sa uhilya na matatagpuan sa mga tanggapan sa pook na tinitirahan. Kung ang pananalita at pang-uunawa mo sa wikang finnish ay hindi sapat, huwag mag-atubiling magtanong mula sa pamahalaan tungkol sa paggamit ng tagapagsalin sa sariling wika. Kung may mga mahahalagang bagay na aayusin, ang asawa o anak ay hindi mabuting gamitin na tagasalin. Kung maaari kailangang gumamit ng propesyonal na tagasalin ng salita.

Kakaibang pagbibigay payo para sa mga dayuhan

Sa maraming bayan ay may mga pook na nagbibigay ng mga payo para sa mga dayuhan at may mga dalubhasang manggagawa na tumutulong sa pangaraw-araw na mga kalagayan o sila din ay tumuturo kung saan makakakuha ng tulong.

Tasa-arvoisena Suomessa – Tietoa maahanmuuttajanaiselle ja -miehelle
Ang uhilya at ang naisalin na bersiyon ay matatagpuan sa adres na: ***www.mol.fi/migration***

Sulat-kamay: Virve Raittinen
Mga Larawan: Hanna-Kaisa Hämäläinen
Grupong gumawa:Reet Nurmi/ STAKES, Elina Sana/ TANE, Batulo Essak/ ETNO, Pirjo Takalo/ Kagawarang Pahintulot ng Minorya, Tarja Rantala/ Ministeriyo ng Paggawa, Mai Salmenkangas/ Ministeriyo ng Paggawa
Talangguhit na Disenyo at Itinatak: Edita Prima Oy
Pagsasalin sa wikang Pilipino/Tagalog: Lingua Nordica
Nilimbag ng: Ministeriyo ng Paggawa, Kagawaran ng may Pahintulot ng Minoriya, Sangguniang ukol sa Pagiging pantay ng Babae at Lalaki
Helsinki 2002 *TME7.907 ta*

Ang Buhay-pamilya

Sa Finland maliit ang pamilya dahil walang ibang nakatira sa bahay kundi magulang at mga anak. Ang pamilya ay binubuo halimbawa ng mag-asawang kasal o mag-asawang nagsasamang hindi kasal, magkabiyak at anak o isa sa magulang na kasama ang anak. Karamihan sa mga pamilya ay binubuo ng mag-asawa at kanilang anak at anak ng isa o ng parehong mag-asawa sa mga nakaraang pag-asawa.

Ang ibig sabihin ng kabiyak ay taong buhay na kasama sa pamamagitan ng kasal o sa pagsasamang hindi kasal. Kahit ang magkabiyak na mula sa parehong kasarian ay maaaring magparehistro sa Finland. Sa Finland ang mga magulang ay hindi maaaring magpasiya kung sino ang magiging mapapangasawa ng kanilang anak. Kapuwa babae at lalake ay malayang pumili ng sinumang kaniyang magiging kasama sa buhay.

ANG PAG-AASAWA

*Bago mag-asawa sa Finland ang mag-aasawa ay magpapatunay na walang hahadlang sa pag-aasawa. Ang magsisiyasat ay ang **munisipyo** o sa **simbahan** na kung saan sila o isa sa kanila ay miyembro.*

Ang pag-aasawa ay ginaganap sa Finland sa pamamagitan ng kasal sa simbahan o sa sibil, halimbawa ay sa tanggapan ng pagrehistro sa munisipyo. Bago maganap ang kasalan ay may pagsisiyasat kung may hadlang sa kasalan. Ayon sa batas ng Finland hindi maaaring mag-asawa ang isang tao kung siya ay kasal sa iba. Bukod dito ang hindi pa umaabot sa gulang na 18 at ang malapit na kamag-anak ay hadlang sa pag-aasawa. Ang magiging hadlang ay sinisiyasat batay sa batas ng Finland, kung ang mag-aasawa ay mamamayan ng Finland o siya ay nakatira sa Finland.

Ang Apelyido

Bago ang kasalan ang mag-asawa ay magpapasiya tungkol sa gagamiting apelyido. Sa batas ng Finland maaari nilang gamitin ang sariling apelyido o kaya´y gamitin nilang pareho ang alinman sa isa nilang apelyido.

Mga karapatan at mga tungkulin ng pag-aasawa

Ayon sa batas ng Finland ang mga karapatan at mga tungkulin ay nauukol sa kapuwa magkabiyak. Ang mga nauukol na mga gawain para sa ikabubuti ng pamilya na katulad ng paghahanapbuhay at mga gawaingbahay ay kailangang hatiin ng pareho sa bawa´t isa.

Ang magkabiyak ay kailangang sumali sa paggawa para sa ikabubuti ng pamilya.

Ang pagpili ng apelyido ay umaapekto rin sa gagamiting apelyido ng anak

Mapagpipilian 1

Ang mag-asawa ay gumamit pareho ng isang apelyido alinman sa babae o sa lalaking apelyido. Ang kabiyak na pumago ng apelyido ay maaaring pag-isahin ang dalawang apelyido, gamitin ang kanyang luma at bagong apelyido.

→ *Sa katayuang ito ang anak ay maaaring gumamit ng apelyido ng magulang.*

Mapagpipilian 2

Ang mag-asawa ay maaaring gamitin ang kanilang sariling apelyido.

→ *Sa katayuang ito ang mga magulang ay maaaring pumili, gagamitin ba ng mga anak ang apelyido ng ama o ina. Lahat ng magkakapatid ay parehong apelyido ang gagamitin.*

Sa taong 2000 halos 2800 mga finnish ay nakapag-asawa ng mga dayuha. Karamiha sa mga lalaki ay nag-asawa ng taga-Rasya, Estonia at Thailand. Ang mga babae nama´y nakapag-aswa ng taga-Amerika, Britanya at Sweden.

Kung ang kabiyak ay walang trabaho, siya ang mag-aasikasu sa pamilya sa paggawa ng gawaing-bahay. Ang kabiyak naman na may trabaho ay bumigay ng pera sa kabiyak upang gamitin sa pagbili ng mga kagamitan at kasangkapan sa pamamahay bukod pa sa mga kailangang pansarili. Kung siya ay hindi sangayon nito, siya ay maaaring piliting bumayad ng tulong at sustento. Ayon sa batas ng Finland ang magiging tulong o sustento para sa ikabubuhay ay sa pamamagitan ng pagbayad ng pera. Ang halaga ng kabayaran ay maaaring pag-usapan at pagkasunduan o idadaan sa hukuman.

Ang mga epekto ng pag-asawa sa mga ari-arian

Ang kapuwa magkabiyak ang siyang mangangasiwa ng bawa´t sariling mga ari-arian. Ayon sa batas ng Finland ay sariling pag-aari

ng bawa´t isa ang kani-kanilang mga ari-arian bago mag-asawa at ang mga bagay na kanilang nabili para sa sarili nila sa panahon ng pagsasama. Ngunit ang asawang babae o lalake ay walang makukuha kung ang isa sa kanila ay hindi sumang-ayon na ipagbili o isuko halimbawa ang kanilang tinitirhan na bahay, mga kasangkapan sa bahay at mga gamit ng anak.

Kung ang asawa ay nag-utang ng nag-iisa, nag-iisa rin siyang may kapanagutan sa pagbayad nito. Ngunit kung silang dalawa ang umutang at saka sa utang na ginawa ang dahilan ay upang matulungan at masustentuhan ang kabiyak at pamilya, kapuwa mag-asawa ay may kapanagutan sa utang.

Ang pamamaraan sa mga ari-arian ng mag-asawa ay karaniwang ayon sa batas ng bayan na sumasakop sa pook na tinitirhan sa panahon nang sila ay naging mag-asawa. Kung ang mag-asawa ay nakakuha sa bandang-huli ng pook na tinitirhan mula sa ibang bayan, ang patakaran sa sinasabing bayan ang susundin. Ngunit ang pamamaraan sa bagong bayan na tinitirhan ay maaring gamitin makalipas ang humigit-kumulang na limang taon mula nang sila ay manirahan. Kung ang mag-asawa ay manirahan nang panatilihan sa Finland ang epekto ng pag-asawa sa mga ari-arian ay nasa ilalim ng pamamahala ng batas ng Finland. Kung ang mag-asawa ay nanirahan muna sa ibang pook bago lumipat sa Finland, ang batas ng Finland ay maaaring magamit makalipas ang limang taon nilang paninirahan. Bago nito ang pamamaraan ay manggagaling sa batas ng dating pook nilang tinirahan. Ngunit kung ang pag-uusapan ay balikbayan, ang batas ng Finland ay maaaring gamitin kaagad sa simula na ang mag-asawa ay manatilihang manirahan dito.

Gayunman ang mag-asawa ay maaaring sa pamamagitan ng kasulatang kasunduan ay matiyak na ang pamamaraan tungkol sa paghusay ng mga ari-arian ay sa pamamagitan halimbawa ng batas ng bayan ng kanilang pagiging mamamayan. O sa pamamagitan ng batas ng bayan na kanilang unang tinirahan. Maaari rin na ang mag-asawa na lumipat ng tirahan dito sa Finland ay makipagsundo. Halimbawa sa batas ng Finland ang pamamaraan ng paghusay ng ari-arian ng mag-asawa ay maaaring mahusay bago sila umabot ng limang taong paninirahan. Sa paggawa ng kasunduan ay ipinapayong humiling ng tulong mula sa **tanggapan ng pambatas na paglilingkod**, at sa iba pang **tagapagtanggol**.

Ang karapatan ng erensiya/mana

Sa Finland pareho ang babae at lalaki na nakakatanggap ng mana. Ang mga anak at ang kanilang mga supling ay may karapatang makataggap ng mamanahin mula sa kanilang mga magulang sa kanilang kamatayan. Kung ang asawa ay namatay at wala siyang anak o wala silang mga supling, ang naiwang buhay na asawa ay siyang magmamana lahat ng ari-arian ng namatay na kabiyak.

Itong tuntunin ay hindi rin nasusunod kung ang asawa ay nagtakda ng ibang kasulatan **sa testamento**. Sa pamamagitan ng paggawa ng testamento ay nagbabago ang paraan ng pagmana kung papaano ang kaniyang ari-arian mamanahin at hahatiin pagkatapos na siya ay mamatay.

Karaniwan ang dayuhan sa Finland ay merong karapatan sa pagtanggap ng mana pareho rin ng mga mamamayan ng Finland. Ang pagtaggap nito ay sa pamamaraan ng batas ng bayan sa pook na tinitirahan ng namatay na magbibigay ng mamanahin. Bukod dito ang pamamaraan ng batas ay maaari ring ilakip sa paggawa ng testamento.

*Ang **tanggapan ng pambatas na paglilingkod** at mga **abogado** ay nagbibigay ng sunod sa batas na mga tulong sa pangangailangan batid sa paghati ng mamanahin at mga mahahalagang bagay na may kinalaman sa paggawa ng testamento.*

ANG PAGSASAMA

Ang pagsasama ay isang relasyon kung saan ang mag-asawa ay nagsasama sa isang bubong kahit hindi kasal. Ang pagsasama ay karaniwang isang uri ng buhay-pamilya sa Finland. Madalas na ang pagsasama ay inihahambing sa pag-aasawa sa maraming pangyayari halimbawa´y sa mga pangyayaring may kaugnayan sa panlipunang seguridad. Gayunman, ayon sa batas ng Finland ang pagsasama ay naiiba sa pag-aasawa

Sa Finland ang mga ama ay maaaring magpaiwan mula sa 1-3 linggong pagkapanganak ng sanggol upang maalagaan sa panahon ng bakasyong-ama. Mahigit na 60% na mga ama ang nagssagawa nito.

dahil halimbawa´y sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Ang mga anak ng mag-asawang hindi kasal ay hindi pareho ang katayuan sa karapatan o katarungan na katulad ng anak ng magasawang kasal. Ngunit ang kanilang karapatan o katarungan ay isinasalig sa kinalabasan ng ginawang pagsubok para sa pagpatibay kung sino ang kanilang ama. (tingnan sa pahina 7)
- Kung ang mag-asawa ay magkahiwalay, kapuwa sila ay maaaring umangkin ng kanilang sariling ari-arian maliban lamang kung sila ay merong ginawang kasunduan.
- Ang mag-asawa ay walang karapatang makatanggap ng mana sa isa´t-isa kung walang ginawang kasulatang testamento.

Sa pagsasama nakabubuti na magkasundo kung papaano ang kanilang ari-arian ay mahati kung sakaling sila ay maghiwalay o ang isa sa kanila ay mamatay. Ang kasunduang gagawin tungkol sa mga ari-arian ay kailangang isagawa sa kasulatan.

Ang pagtuli sa mga batang babae ay labag sa batas

Ang pagtuli sa henetal ng mga batang babae at mga kababaihan sa pamamagitan ng paggutay/ paggiba ay labag sa batas ng Finland. Dahil dito ay maaaring parusahan at makulong ng ilang taon. Ngunit kailangan ding tandaan na kapag ang pagtuli sa batang lalake ay isinagawa na labag sa kanyang kagustuhan ay kailangang ipag-aalinlangan. Kung ang batang lalaki ay sapat na malaki at maaari nang magbigay ng kapahintulutan sa isasagawang pagtutuli. Sa Finland ang mga batang may sapat na gulang upang pumasok sa paaralan ay itinuturing na meron nang kakayahan upang mabigyang-pansin ang kanyang mga kagustuhan

Dahil sa mga dahilang pangrelihiyon ang pagtutuli sa mga batang lalaki ay hindi nangangailangan ng pagtingin ng doktor, ang pagtuli ay hindi isinasagawa sa lahat ng palusugang pambayan sa pook na tinitirahan. Ngunit, ang pagtuli ay kailangang isagawa kung saan maaaring pagkatiwalaan ang sapat na kakayahan ng medisina, kalinisan at gamot sa pagpaginhawa ng sakit.

Ang pagsasamang hindi kasal at pahintulot sa paninirahan

Ang pagsasama ay maaring basehan o sanhi ng pagbigay ng pahintulot para manirahan kung ang isang tao na naninirahan sa Finland at ang kanyang kabiyak ay nagsama sa tagal na mahigit dalawang taon o sila ay may sariling anak. Ngunit, ang pahintulot ay hindi ibibigay kung ang isa sa kanila ay kasal sa iba.

Mga Anak

Ang layunin ng politikang-pampamilya sa Finland ay gumawa ng ligtas sa panganib na paligid para sa bata at upang matulungan ang magulang sa panig ng pangmateryal at mapatibay ang pagkakataong manganak at mapalaki sila. Sa kasalukuyan, binibigyangdiin ang pagkapantay-pantay ng katarungan ng parehong magulang sa pagpalaki ng anak. Sa paghati ng pananagutan ay maaayos at mapapagaan ang buhay at pagkakasundo sa loob ng pamilya at mapapabuti ang buhay ng mga lalake.

Ayon sa paggawa ng batas sa Finland ang bata ay bibigyang pantay at pangsariling turing. Ang pananakit sa bata o uri ng pangkatawang pagdisiplina ay ipinagbabawal ng batas. Ang karapatan ng bata ay pareho ng batang mula sa ibang bansa at ng batang finnish. Ang mga batang babae at lalaki sa Finland ay may parehong karapatan.

Ang Pagplano ng pamilya

Ang paggawa ng bata ay pagpapasyahan ng babae´t lalaki. Karaniwang ito´y nasa tamang panahon at tama rin sa katayuan sa buhay. Ang tulong para sa pagplano ng pamilya at katanungang tungkol sa pagpigillihi ay matatagpuan sa **palusugang pambayan** at sa **pampamilyang tagapayo at pagpigil laban sa pagbuntis** na libre. Ang mga gamit para sa pagpigil ng pagbuntis ay nabibili sa Finland halimbawa mula sa bilihan ng pagkain at sa parmasya.

Sa babae ay ipinapayo ang madalas na pakipagkita sa **doktor na dalubhasa sa sakit ng babae**. Kasabay na rin ang pakikipag-usap tungkol sa iba´t-ibang pamamaraan ng pagpigil ng pagbuntis. Sa palusugang pambayan ay may serbisyo ng henekolohiya na mas mura kaysa sa mga pribadong doktor. Ang babae ay maaaring humiling ng babaeng doktor na siyang titingin sa kanya. Ang pagbubuntis ay mapapatunayan sa pamamagitan ng pagpunta sa palusugang pambayan at isagawa ang pagsubok kung siya ay buntis o bumili sa parmasya ng gamit at isagawa niya ang pagsubok sa sarili.

Ang Pagkalaglag ng sanggol sa sinapupunan

Ang hindi pagpatuloy ng pagbubuntis sa Finland ay maaaring isagawa kung ang panganganak ay mapanganib sa kalusugan ng babae o kung ang pagbubuntis ay magbibigay hirap na maapektuhan ang buhay niya. Kung gugustuhin ang babae ay maaaring magpalaglag palagi kung siya ay wala pa sa gulang na 17 o lampas sa gulang na 40. Ang pagbubuntis ay hindi ipagpapatuloy sa kahilingan ng babae lamang. Sa mga panlipunang pagyayaring maaaring pagbatayan ang hindi pagpatuloy ng pagbubuntis ay isasagawa sa unang ika-12 linggong pagbubuntis. Kung iniisip magpalaglag kailangang kumunsulta kaagad sa doktor.

ANG PAGSILANG NG BATA

Ang nagdadalang-taong ina ay kailangang pumunta at magpakunsulta sa pangkalusugang pambayan sa **klinikang pang-ina** o sa doktor bago matapos ang ika-apat na buwang pagbubuntis. Ang maagang nagpakunsulta lamang ang may karapatan sa panginang tulong. Sa pagkuha rin ng tustos sa ina ay kinakailangan ang pagpunta sa klinikang pang-ina o sa doktor para sa ibibigay na patunay ng pagbubuntis. (tingnan sa pahina 8)

Sa madalas na pagpunta sa klinika ay masusundan ang kalusugan ng ina´t anak sa panahon ng pagbubuntis. Ang pagpakunsulta ay libre. Ang ama ay maaaring sumama sa klinika. Ang mga mahahalagang bagay tungkol sa panganganak at paghahanda nito ay ibinibigay sa klinika at may araling para sa magulang na ginagawa sa maraming **pangkalusugang pambayan.**

Sa Finland nanganganak ang mga ina sa **ospital sa panganganak.** Dito´y maaaring sumama ang mga ama. Maraming mga finnish na amang gustong mag-alalay sa inang manganganak sa pamamagitan ng pagsali.

Ang ama ng bata

Ang bata ay may karapatang matanggap ang mga bagay pangmateryal at kalinga at pagmamahal mula sa kapuwa magulang. Upang

maipagtanggol ang kanyang karapatan ay mahalagang liwanagin muna kun sino ang ama. Ayon sa batas ng Finland ang lalaking nagasawa´t ikinasal ay siyang magiging asawa ng babaeng pinakasalan at magiging ama ng bata. Kung ang bata´y ipinanganak sa labas ng matrimonyo ang magsisiyasat kung sino ang ama ay isinasagawa sa **nangangatiwalang pambata sa pook na tinitirhan,** maliban kung ang ina ay tutol. Ang batang isinilang sa pagsasamang hindi kasal ay magpapatunay ang ama sa nangangatiwalang pambata. Pagkatapos mapatunayan kung sino ang ama ang bata ay magkakaroon ang anak ng karapatang katulad ng isang anak sa kasal.

Ang pagiging mamayan ng bata

Ang bata nang isilang ay magiging mamamayan ng Finland, kung

- ang ina ng bata ay mamamayan ng Finland sa sandaling manganak siya
- ang ama ng bata ay mamamayan ng Finland at kasal sa inang dayuhan
- ang ama ng bata ay patay na ngunit mamamayan ng Finland noong nabubuhay pa at kasal sa ina ng bata
- ang bata ay isinilang sa Finland at hindi naging mamamayan ng ibang bansa nang siya ay isilang

ANG PAGPALAKI AT PAG-ALAGA NG BATA

Ang karanasan ay nagpapakita na ang paggamit ng dalawang wika at dalawang kultura ay kapakinabangan sa kinabukasan ng dayuhang bata. Tungkulin ng mga magulang na makipagusap sa bata sa sariling wika upang maipakilala at maipabatid ang sariling kultura. Ang bata ay matututo ng wikang finnish at kultura sa labas ng bahay sa pangaraw na alagaan at sa paaralan.

Ang kalusugan ng bata

Ang lipunan ay kasali sa pagayos ng kalusugan ng bata kasama ng mga magulang. Pagkapanganak ng bata hanggang sa ikapitong taong gulang ay susubaybayan ang kalusugan at katayuan ng ina at anak sa **klinikang pambata** kung saan isasagawa ang pagsubok. Dito rin isasagawa ang mga kailangang bakuna´t pagbigay ng mga impormasyon tungkol sa pagalaga, pagpalaki at pagiging magulang. Ang ina at ama ay maaaring magtanong sa klinikang pambata. Ang saykayatristang pambata at terapeutika sa pananalita ay maaaring makuha din sa **klinikang pang-ina**. Ang kalusugan ng mga batang nag-aaral ay nasa pangangalaga ng **paaralang pangkalusugang taga-alaga**, **doktor**, at **dentista** sa **paaralan** at sa pagtutulungan ng mga magulang.

Ang sustento para sa pamilyang may mga anak

Ang buhay ng pamilyang may anak ay mapapagaan sa Finland sa pamamagitan ng iba´t-ibang tulong. Isang bahagi ng benepisyo ay para sa lahat ng taong nakatira sa Finland. Ang isang bahagi nama´y mapapapunta sa mga taong mas matagal nang nakatira sa Finland.

- **Ang pang-inang tulong** (äitiysavustus) ay matatanggap ng lahat na inang nakatira sa Finlad na nakapagpatingin sa pangkalusugang pambayan sa klinikang pang-ina o doktor bago matapos ang ika-apat na buwang pagbubuntis. Ang tulong ay maaaring pera o pakete. Ang pakete ay naglalaman ng mga bagay na kailangan ng bata katulad ng mga damit at gamit sa pag-alaga.
- **Ang sustento sa magulang** (vanhempainpäiväraha) ay ibabayad sa magulang na siyang nag-aalaga ng anak sa bahay sa loob ng sampung unang buwang gulang ng sanggol. Ang pangaraw-araw na panggastos ay binubuo ng pang-inang tulong-, pang-amang tulong at sustento sa magulang. Ang tulong ay para sa lahat na nakatira ng may mahigit na 180 araw sa Finland bago manganak. Ang kalakihan ng tulong ay ibinabatay sa laki ng sahod. Ang magulang na walang trabaho ay babayaran ng pangaraw-araw na panggastos sa mas mababang halaga.
- Ang pamilyang may anak na ginagastusan ay mapapagaan ang buhay sa pamamagitan ng **sustento sa anak** (lapsilisä) na binabayaran sa buwan-buwan sa lahat na anak bago mag-17 ang gulang at nakatira sa Finland na panatilihan.

Sa paaralan ay binibigyan ng suporta ang mga dayuhan sa kanilang kultura

Sa pag-aaral ay binibigyan ng pansin ang sariling kultura/ identite ng dayuhan at tinutulungang masunod at mapanatili ito. Bago lumipat sa klase sa paaralan, ang mag-aaral na dayuhan sa sariling grupo nila ay may pagkakataong makatanggap ng mga preparatorya/ paghahanda na mga aralin. Ang mga batang may wikang dayuhan ay maaaring makatanggap ng suporta sa pag-aaral at maaari ding mag-aral sa sariling wika. Ayon sa batas, ang bata ay may karapatang mag-aral sa paaralan ng sariling wika sa mahigit na dalawang oras sa isang linggo.

Ang mga magulang ay maaaring makipag-usap/ negosasyon sa paaralan halimbawa tungkol sa magiging pag-aaral ng relihiyon at tungkol din sa pagkain ng mag-aaral. Ang paaralan ay nakikipagtulungan sa mga taong-bahay. Ang dapat ding salihan ng mga magulang sa paaralan ay ang pagdalo sa mga pagtitipon ng mga magulang, pagdalo sa pagtitipon ng titser/ guro at ng mga nars sa paaralan at sa mga pangganap na kapulungan ng mga magulang.

Kung gustong malaman ang iba pang mga bagay tungkol sa benepisyo ang Pambayang Tanggapan ng Pensiyon, kung saan ang mga sustento ay hihilingin. Doon din sa klinikang pang-ina ay maaaring alamin kung kailan ang sustento hihhilingin.

ANG PANG-ARAW NA PAG-ALAGA

Karaniwan sa Finland na ang mga bata ay nasa labas ng bahay sa araw inaalagaan. Sa pang-araw na pag-alaga ay hinahangad na matulungan ang bata na maging balanse at maging maunlad ang kanyang paglaki. Kasabay rin ang paghahangad sa kapuwa magulang na lakasan ang loob sa buhay lalo na sa paghahanap-buhay at sumali sa mga kurso na walang nakalalamang. Ang mga magulang ay maaaring ayusin ang pag-alaga ng bata sa tatlong pamamaraan:

- Ang ina o ama ay maaaring hindi magtrabaho at maiwan sa **bahay** upang alagaan ang anak. Ang magulang na siyang magaalaga ay tutulungan sa pamamagitan ng **sustento sa pag-alaga ng bata sa bahay** (kotihoidon tuki) hanggang ang bata ay umabot sa gulang na tatlo.
- Ang bata ay maaaring alagaan sa **pribadong mag-aalaga** o sa **pribadong pang-araw na alagaang bahay**. Ang magulang ay babayaran sa bahagi ng mga nagastos sa pamamagitan ng **sustento sa pribadong pag-alaga ng bata** (yksityisen hoidon tuki).
- Sa pook na tinitirhan ay may alagaan sa **pang-araw na alagaan** o **pamilyang pang-araw na alagaan** para sa mga batang hindi pa nag-aaral. Ang bayad sa pang-araw na alagaan ay ibinabatay sa sahod ng pamilya. Sa pamilyang may maliit na kinikita ang pang-araw na alagaan ay walang bayad.

Ang mga munisipyong nagbibigay-payo tunkol sa pang-araw na alagaan ay matatagpuan ang mga impormasyon. Ang tungkol sa pag-alaga sa bata ay maaring itanong sa Pambayang Tanggapan ng Pensiyon/ KELA.

ANG PAGPASOK SA PAARALAN

Ang lahat ng batang nananatiling naninirahan sa Finland ay kasali sa panlahat na tungkuling mag-aral. Ang ibig sabihin ay ang lahat na batang dayuhan ay kailangang matapos ang unang 9 na taong pag-aaral. Bago magsimula ang pag-aaral, ang mga bata ay maaaring sumali sa preparatorya/ paghahanda sa pang-araw na alagaan o sa paaralan. Ang bata ay magsisimula ng kanyang unang baytang sa mababang paaralan sa gulang na 7 taon. Ang batang babae at lalake ay may pantay na karapatang pumasok sa paaralan. Ang mga aralin, gayundin ang mga bagay na gagamitin, mga pagkain at mga pangangalaga ng kalusugan ay libre.

Kung gustong malaman ang tungkol sa pagpasok sa paaralan makipag-usap sa iyong malapit na tirahang paaralan- o sa tanggapan ng edukasyon at sa mga tauhan ng paaralan.

Ang pang-araw na alagaan at pakikipagtulungan ng magulang ay mahalaga

Ang gawain din ng pang-araw na alagaan ay tulongan ang mga dayuhang bata na mapaunlad ang kanilang sariling wika at kultura. At saka mapatibay ang kanilang identidad sa multikultura. Mahalaga rin na ang mga magulang ay nakikipag-usap sa mga taong namamahala sa pang-araw na alagaan tungkol sa pagpalaki ng bata at sa mga bagay na maaaring may kaugnayan sa isa´t –isa.

Edukasyon

Sa Finland ay binibigyan ng halaga ang edukasyon dahil kung may pinag-aralan ay madaling makahanap ng trabaho. Ang halos lahat din ng mga propesyon/ trabaho ay humihiling ng may pinag-aralan. Ang edukasyon din ay nakakatulong sa pag-ayos ng pantay na pagitan sa bawat babae´t lalake. Ang mga taong may pinag-aralan ay merong maayos na kalagayan sa kumunidad at may kakayahang buhayin ang sarili.

Ang bawat mamayan sa Finland ay binibigyan ng pantay na pagkakataong makakuha ng maayos na pinag-aralan at kaunlaran sa sarili kahit na halimbawa sa kanyang kasarian, sa kanyang panlahi o kaya ay sa kanyang kakayahan sa buhay.

Ang pagtupad ng pantay-pantay na makakuha ang edukasyon ay sa pagtulong sa gastusan sa pamamahay sa pamamagitan ng suporta, gayundin sa sa pag-alaga ng bata. Dahil dito ang edukasyon sa mga kababaehan ay karaniwan sa Finland. Ang dayuhan din ay maaaring mag-aral upang makakuha ng kaalaman at mapaunlad ang kaniyang wika at kultura.

Pag-aral ng salita

Ang mga dayuhan ay kailangang matutong magsalita ng wikang finnish o swedish. Maraming pook na mapag-aaralan. Hindi lang upang matutuhan ngunit upang magsanay sa pagsalita sa pamamagitan ng paghanap ng libangang-gawain, kung saan magsasanay. Kung marunong magsalita ay madaling makilala at madaling maayos ang pamumuhay sa bagong bayan.

Ang natapos na mga pinag-aralan sa ibang bansa

Ang dayuhang nakatapos sa ibang bansa at may nakamit na mga karanasan sa paghahanap-buhay ay pagbabatayan ng pag-aaral sa Finland. Kung may natapos na mataas na digri ay maaaring humingi mula sa **Pamahalaan ng Pagtuturo** ng katunayan para makilala at maipantay ang mataas o propesyong may digri sa Finland. Dito rin ay nagbibigay ng pahayag sa iba pang mga natapos na pinag-aralan. Ang serbisyo ay may bayad. Kung ang mag-aaral ay nais na magpatuloy sa hindi natapos na aralin dito sa Finland, ang paaralan ay magpapasya batay sa mga unang napag-aralan sa bagong batayan ng pag-aaralan.

Mga pagpipilian sa pag-aaral

Sa Finland pagkatapos ng unang ika-9 na taong pag-aaral ay maaaring magpatuloy sa **mataas na paaralan** o sa **pang-bokasyonal na paaralan**. Pagkatapos, maaaring ipagpatuloy sa **pinakamataas na paaralan**, **mataas na paaralan sa propesyon**, **kolehiyo**.

Ang mga dayuhang naninirahan sa Finland ay maaaring magtapos ng unang ika-9 na taong pag-aaral at magpatuloy sa mataas na paaralan halimbawa ay sa **paaralang para sa mga maygulang** (aikuislukio) o sa **mataas na paturuang pangmamamayan**. Bukod dito ay marami pang **ibang mapapasukan, kung saan ang maygulang** ay maaaring kumuha ng propesyon o magpatuloy sa nasimulan. Ngunit bago maisagawa ito ay magsasanay sa pagsalita at sumali sa preparatorya/ paghahandang gagawin sa paaralang papasukan. Maaari ding kumuha ng propesyon sa pamamagitan ng **trabaho-aral na kontrata**. Sa tanggapan ng Paghanap ng Trabaho ay nagbibigay para sa mga walang trabaho ng ibat-ibang tagal ng **pagsasanay**. Ang dayuhan ay maaaring mag-aplay.

Panghabang-buhay na pag-aaral

Sa Finland ay sinusunod ang prinsipyong panghabang-buhay na pag-aaral. Ito´y ang paghanap ng kaalaman at kakayahan at maayos na buhay. Ang dagdag na pag-aaral ay makakatulong sa kasalukuyang pagbabago ng buhay-trabaho.

Ang babae at lalaking finnish ay kumukuha ng mabuting edukasyon. Sa kasalukuyan ang mga babaeng wala pa sa gulang na 50 ay merong mas mataas na pinag-aralan kaysa lalake. Mga babaeng may koleheyo´t naabot na digri ay sobra sa kalahati.

Ang integrasyong pag-aaral

Sa maraming mga rural na distrikto ay isinasagawa para sa maygulang na dayuhan ang mahigit na kalahating taong pag-aaral, integrasyong pag-aaral. Dito´y pag-aaralan ang wikang finnish, pagbatid sa lipunan, upang makakuha ng kaalaman/ kakayahan at magiyahan sa buhay-trabaho sa tulong ng pagsanay sa gawain. Bawa´t mag-aaral ay gagawan ng plano sa pag-aaral o makahanap ng trabaho. Ang mauuna ay ang mga dayuhang walang trabaho na naghahanap. Sa mga hindi marunong sumulat-bumasa ay meron ding sariling pagsasanay.

*Mula sa pagpipiliang mga pag-aaralan, plano sa integrasyon at integrasyong pag-aaral ay maaaring malaman **sa tanggapan ng paghanap ng trabaho** sa pook na tinitirhan.*

Ang plano sa integrasyon ay nakakatulong para sa kabuuan

Kung ang taong lumipat sa Finland ay hindi nakakuha ng trabaho o pag-aaralang lugar, siya´y gagawan sa tanggapan ng paghanap ng trabaho o sa tanggapang panlipunang paglilingkod ng plano sa integrasyon. Ang pakay ay upang matulungan ang dayuhang makahanap ng trabaho at maipabatid ang lipunang finnish.

Ang dayuhan ay gagawa ng plano kasama ang mangagawa sa tanggapan ng paghanap ng trabaho o panlipunang mangagawa. Sa paggawa nito´y bibigyang pansin ang mga hangarin, kalagayan sa buhay at kasalukuyang nalalaman. Ang plano sa integrasyon ay pinagkakalooban ng pag-aral ng wikang finnish, pagpatuloy ng pag-aaral at pagsasanay sa trabaho. Maaari ding magsimula ng panibagong propesyon. Ang plano sa integrasyon ay isasagawa sa haba ng tatlong taon. Sa panahong ito na ang dayuhan ay sumasagawa nitong plano sa integrasyon at wala siyang ibang sahod, ang ikabubuhay ay tutulungan sa pamamagitan ng sustentong pang-integrasyon (kotoutumistuki). Ito´y matatanggap kung ang dayuhan ay tumupad sa isinagawang plano sa integrasyon.

Ang Tustos sa Pag-aaral

Ang ikabubuhay ng mga mag-aaral ay tinutulungan sa pamamagitan ng tustos sa pag-aaral sa Finland. Kung ang dayuhan ay nananatiling nakatira sa Finland at nag-aaral ng buo ay makakatanggap ng tustos sa pag-aaral, kung siya ay nakatira ng mahigit na dalawang taon sa dahilan upang mag-aral. Ang tustos sa pag-aaral ay maaaring tanggapin ng refugee at miyembro sa pamilya nila o balikbayan sa Finland kahit na hindi pa dalawang taon ang pagtira. At ang mga batang wala pa sa gulang na 18 na lumipat sa Finland ay maaaring tumanggap ng tustos kaagad, kung ang mga magulang ay nakatira sa Finland ng panatilihan.

*Sa mga **Pambayang Tanggapan ng Pensiyon (KELA)** ay nagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa tustos sa pag-aaral.*

Buhay-trabaho

Tandaan ang Pahintulot sa Pagtrabaho
Ang mga dayuhan ay nangangailangan upang makapagtrabaho sa Finland ng pahintulot sa pagtrabaho na naibinibigay ng Kawanihan na Pandayuhan.

Sa Finland ang karapatan, tungkulin at pagkakataon sa buhay-trabaho ay pareho sa babae at lalake. Pangkaraniwan na ang babae ay nagtatrabaho o may sariling pinamamahalang trabaho sa labas ng bahay. Pakikibahagi sa buhay-trabaho ay nagpapatibay ng kakayahan ng babae.

Pantay-pantay sa Buhay-trabaho
Ayon sa batas ng pagkapantay-pantay, binibigyan ng pansin na maayos ang kapakanan ng babae sa buhay-trabaho. Batas din ang nagpapasunod sa nagpapatrabaho upang mapagaan ang buhay-trabaho at buhay-pamilya. Ang pakay nito ay bigyan ng parehong pagkakataon ang babae at lalaki na makipagbahagi sa gawaing-bahay at paghahanap-buhay.

Sa Finland ay labag sa batas ang kakaibang pagturing sa kapuwa dahil sa kanyang pagkatao, sa pinanggalingan, relihiyon o dahil sa kanyang gulang. Bawat tao ay binibigyan ng kasiguruhang pantay-pantay na pagturing sa paghanap ng trabaho at sa pagtrabaho. Ang pakay nito ay upang ang dayuhan ay makilahok sa buhay-trabaho at sa kilusang panlipunan na isang miyembro nito.

Ang Paghanap ng Trabaho
Sa simula ng paghanap ng trabaho ay tumutulong ang mga **tanggapan ng paghanap ng trabaho** kung saan may mga tagapangasiwa ukol sa mga dayuhan. Ipaalam sa malapit sa tirahang tanggapan ng paghanap ng trabaho na ikaw ay naghahanap sa sandaling ikaw ay lumipat sa Finland. Sa tanggapan ng paghanap ng trabaho ay malalaman ang mga pook trabahuhan at iba´t-ibang pagsasanayan- at pagkakataong makapag-aral. Mahalaga sa paghanap ng trabaho ay maging aktibo at pakikipag-ugnay sa taong magbibigay ng trabaho.

Ang Sahod Sa paggawa ang sahod na kinita ay sa bawat taong pansariling ari. Karaniwan na ang trabahuhan ay nagbabayad ng sahod ng manggagawa mula sa ibinigay na ulat sa bangko. Maaaring magbukas ng ulat sa bangkong nais at sa paggawa nito´y nangangailangan ng balidong pasaporte o identipikasyon kard.

Ang Buwis
Bawat taong manggagawang naninirahan sa Finland ay nagbabayad ng buwis mula sa kinitang sahod para sa bayan at sa pook na tinitirhan. Ang malaking sahod ay magbabayad ng malaking buwis kaysa sa may maliit na sahod. Ang trabahuhan ang nag-aayos sa pagbayad nito na binabatayan ang buwis-kard ng manggagawa. Ang manggagawa ay kailangang ibigay ang buwis-kard sa trabahuhan sa simula ng trabaho.

Ang Pagtrabaho ay Mapapakinabangan sa Pensiyon
Ang sahod na kinita mula sa pagtrabaho ay nakaka-apekto sa kakayahan sa pamumuhay at sa darating na panahon. Ang manggagawang mawalan ng trabaho, makakatanggap siya ng kompensasyon/ bayad na binabatay sa laki ng kanyang sahod at karaniwang mas mataas pa kaysa sa tinatanggap ng taong matagal ng walang trabaho. Ganoon din na ang nakapagtrabaho ay may pagkakataong makatanggap ng mas malaking pensiyon, gaanuman kalaki ang kinita niyang sahod noon. Ang sosyal na seguridad na nakuha sa pamamagitan ng pagtrabaho ay hindi maaapektuhan ng sahod ng kabiyak.

Sa Finland ang bawat babae at lalaki ay maaaring magtrabaho sa labas ng bahay. Sa kasalukuyan ang bahagi ng kababaehang manggagawa sa Finland ay halos pareho ang dami kaysa mga lalake.

*Ang dayuhan bago magsimula ng pagtrabaho ay kumuha muna ng buwis-kard sa **Tanggapan ng Buwis** sa pook na tinitirhan. Kasabay na rin na ipaalam na siya ay dayuhan. Pagkatapos ng unang taon, ang buwis-kard ay hindi na kailangang kunin, kundi ito ay ipapadala sa koreyo.*

Ang Panlipunang Seguridad

Sa pamamagitan ng buwis ay nababayaran halimbawa ang panlipunang seguridad. Karaniwan na ang babae at lalaki sa Finland ay binubuhay ang sarili at pamilya sa pagha-

hanap-buhay. Ngunit ito ay hindi palagi dahil halimbawa sa kung mawalan ng trabaho, tumanda, kapansanan o sakit. Sa ganitong mga dahilan ang lipunan ay tumutulong sa mga tao. Kadalasan ang mga benepisyo ay pinamamahalaan ng Pambayang Tanggapan ng Pensiyon / **KELA**, kung saan ang lahat sa Finland na panatiling nakatira ay may karapatan kahit anong uring mamamayan.

Ang Gawain sa Libreng-panahon

Kahit sa aktibong paghanap ng trabaho ay walang makuha. Sa ganitong sitwasyon ay huwag mawalan ng pag-asa at magmukmok sa bahay. Sa Finland ay maraming pagkakataong gumawa ng gawaing-libangan, magboluntaryo sa iba´t-ibang samahan at kapisanan. Sa pook na tinitirhan ay maraming mga samahan para sa mga kababaehan. Sa samahan ng mga dayuhan at sa iba´t-ibang kapisanan ng kultura, ang dayuhan ay maaaring panatilihin ang sariling kultura at makipagkaibigan. Ang boluntaryo-gawain sa samahan ay maaaring magpaunlad ng kaalaman at kakayahan na magiging mahalaga sa pagkatagpo ng trabaho.

Mga impormasyon tungkol sa gawaing-libangan sa pook na tinitirhan ay matatagpuan halimbawa sa **kultura-** at **tanggapan ng gawaing-ibangan**, **organisasyon**, **kapisanan** at **anunsiyo sa lokal na basahin**.

MAG-INGAT SA PAGLAGDA NG PANGALAN SA KONTRATA

Bago maglagda ng pangalan sa kasulatang kontrata at dokumento ay alamin muna ang nasa loob nito. Ang kasulatang kontrata ay matibay. Kung hindi sapat ang kaalaman sa pananalita na maunawaan ang kontrata, ay humiling ng tulong ng taga-salin sa salita. Ang mga katayuan sa kasunduan sa trabaho ay mahalaga bago lagdaan.

Halimbawa ang kasunduan sa diborsiyo at paghati ng ari-arian ay maaaring may kagusutan. Sa paggawa ng dokumento ay nangangailangan tulong ng ekspertong batid. Ang tulong sa lahat na may kaugnayan sa hustisya ay binibigay sa Finland sa taga-tulong sa hustisya, abogado at iba pang mananaggol. Ang walang kayang bumayad ay maaaring makakuha ng libreng tulong mula sa panglahat na tanggapang tulong sa hustisya.

Mga Kahirapan sa Buhay-pamilya

Bawat buhay ng pamilya ay may kaligayahan saka kontradiksiyon at kahirapan. Minsan, ang sariling lakas at paraan ay hindi sapat upang malutasan ang problema. Sa ganitong katayuan ay magandang maghanap ng tulong sa labas na propesyonal bago lumaki ang problema.

ANG TULONG PARA SA KAGUSUTAN

Sa lahat ng rural na distrikto sa Finland ay may pagpalaki- at pampamilyang-tagapayo na nagbibigay tulong kung may katanungan tungkol sa relasyon ng pantao, buhay-pamilya at pagpalaki ng bata. Isang gawain ng pampamilyang-tagapayo ay ang boluntaryong pagpapasundo sa pamilya. Magtanong sa pook na tinitirhan tungkol dito. Dito sa pagpapasundo sa pamilya, bawat miyembro ng pamilya ay nagsusubok na malutas ang problema na makatarungan, ang napag-isahang kalutasan ay gagawin ng pamilya at panlipunang manglilingkod o psikolohiya. Ang pagpapasundo ay maaaring salihan ng lahat o bahagi ng miyembro ng pamilya. Ang pagpapasundo ay maaaring hilingin kahit sa anumang uri ng kagusutan sa pamilya kasali na ang problema sa diborsiyo.

Sa pook na tinitirhan, ang pagpapasundo ay libre at ang mga bagay na pag-uusapan ng tagapasundo ay magiging lihim. Bukod dito´y nagbibigay din ng tulong sa pagpapasundo halimbawa ang simbahan at iba pang pampamilyang- tagapayo at mga taong mga batid tungkol dito.

Mga kapansanan sa Isipan

Ang paglipat sa bagong bansa at pag-angkop dito ay maaaring sa isipan at emosyonal ay mahirap na karanasan. Naaala-ala din ang mahihirap na karanasan at naiwang mga tao sa iniwang bansa. Sa pook na tinitirhan ay may **tanggapan ng kalusugang pang-isipan** na nagbibigay payo at kalinga para sa problema na may kinalaman sa kapansanan sa isip. Sa mga naninirahan, ito ay libre.

Sa Helsinki, sa **Kagipitang-sentrong Pangdayuhan** (Ulkomaalaisten kriisikeskus) ay tumutulong sa mga nakatira sa Finland na dayuhan at sa pamilya nila. Doon ay may libreng tulong tungkol sa mga suliraning pang-isipan at suliraning panlipunan. Ang mga biktima ng pananakit mula sa sariling bansa katulad ng refugee at kapinsanan nila ay tutulungang libre sa Helsinki sa **Sentrong Reabilitasyon sa Biktima ng Pananakit** (Kidutettujen kuntoutuskeskus) Magpareserba ng panahon.

Pansimulang Tahanan

Ang unang isinilang na bata sa pamilya ay makabuluhan sa bagong kalagayan sa buhay at sa maraming bagong bagay na pag-aaralan. Minsan ang pamilya sa pagkasilang ng sanggol ay may mabigat na problema katulad ng kagipitan o walang pamamahay. Ang mga **pansimulang tahanan** (ensikodit) ay pang-ina´t anak na bahay kung saan tinutulungan ang pagka-ina sa mga kalagayang tulad nito. Dito ay maaaring pumunta ang buntis at kapapanganak na ina kasama ang anak. Sa pansimulang tahanan ay gigiyahan sa pagiging ina at pag-alaga sa anak at tutulungan ding masimulang mag-isang maging magulang. Ang haba ng pagtira ay pabagubago. Ang karaniwan ng pagtira ng ina´t anak ay kalahating taon.

*Malalaman ang tungkol sa pansimulang tahanan sa pook na tinitirhan sa **tanggapang panlipunan** at **tanggapang tagapayo**.*

Mga Problema ng Bata at Kabataan

Ang mga bata at kabataan ay madaling umangkop sa bagong kultura kaysa matatanda. Ginagaya nila ang mga gawi ng kaibigan at bagong pamamaraan sa paaralan, kung saan mahirap unawain ng magulang. Ang bago at lumang kultura ay mahirap pagsamahin at ang mga bata at kabataan ay makakasumpong ng mga kaguluhan sa labas ng bahay kagaya ng pangungulit sa paaralan. Ang panganib kung ang problema ay dumami ay

Sa loob ng bahay ay karaniwang nangyayari ang bayolente. Kahit na ang babae ay mas takot na maging biktima ng bayolenteng gawa ng taong-di-kilala, kadalasan nagyayari ito sa loob ng bahay. Bawat ika- limang finnish na babae ay nagsasabi na nakaranas ng bayolenteng pangangatawan o bayolenteng pagtangka sa kasalukuyang relasyon.

ang pagkadamay sa drugas at ibang uri ng krimen.

Sa paghadlang sa problema ang mahalaga´y mag-usap ang magulang at anak at makipag-isahan sa pang-araw na alagaan at sa paaralan. Mabuting makialam kaagad kahit sa kaunting problema. Kailangang tandaan ng mga magulang na sa Finland ang mga kabataan ay may karapatang magpasya sa buhay nila, halimbawa´y sa magiging asawa.

Humingi ng tulong sa ***pook na tinitirhang pagpalaki- at pampamilyang tagapayo*** *at* ***tanggapan ng kalusugang pang-isipan.***

ANG KARAHASAN SA PAMILYA

Ang pambubugbog sa kabiyak at anak ay karahasan sa pamilya. Ang karahasan sa pamilya ay labag sa batas ng Finland, labag rin ang bayolenteng gawain na hindi maaaring ipagtanggol ng gawi ng kultura. Ipaalam sa polis at magpatingin sa doktor kung naging biktima ng bayolente.

Sa pamamagitan ng kabawalan ng paglapit ay magkakaroon ng proteksiyon

Sa Finland ay may balidong batas sa kabawalan ng paglapit. Ang kahulugan ng kabawalan paglapit ay ipagtanggol ang buhay, kalusugan, kalayaan o kapayapaan ng tao sa pamamagitan na pagbawal na maki-alam sa kanya. Ang kabawalan ng paglapit ay maaaring kuhanin halimbawa kung ang dating asawa o kasama sa tirahan ay nakakabahala. Sa sandaling ang pamahalaan ay magbigay ng utos ng kabawalan ng paglapit, sila ay nagbibigay-halaga sa salaysay ng kumukuha nito at sa posibleng ebidensiya tulad ng patunay na papel mula sa doktor, pagtawag sa polis at mga salaysay ng saksi. Ang mabigat na dahilan sa kabawalan ng paglapit ay maaaring paggawa ng karahasan. Ngunit ang bayolente ay hindi rin sapat na dahilan sa kabawalan ng paglapit. Ang kabawalan ng paglapit ay hindi maaaring iatas sa kaninumang parehong namumuhay at naninirahan sa iisang tirahan. Ang panlipunang mga manggagawa ay nagbibigay tulong tungkol sa pagkuha ng kabawalan ng paaglapit. Ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pakikipag-usap o kasulatan sa polis o sa hukuman.

Ang uri ng bayolenteng matatamo ng kabiyak at anak ay maaaring pangangatawan, pangkalooban, pananalapi o seksuwal. Kadalasan ang uri ng bayolente ay sa ganitong pamamaraan:

- Pangangatawang bayolente ay halimbawa hampas/ palu/ pukpuk, panunulak, paninipa at pananakal.
- Pangkaloobang bayolente ay blakmeil, pagtatangka, bintang, mababang turing, pananakop, pananakot at pagbabawal ng pagbisita sa kaibigan- at kapinsanan at limitasyon sa pagkilos.
- Pananalaping bayolente ay ang hindi pagpayag sa kabiyak na magtrabaho o hindi binibigyan ng pera.
- Ang seksuwal na bayolente ay ang paggalaw sa kabiyak na labag sa kanyang kagustuhan, pamimilit makipag-seks o panggagahasa.

Bukod dito ang pangangatawang parusa sa bata ay labag sa batas bg Finland. Ang karahasan sa pamilya ay hindi kusang hihinto, kundi lalong nagiging marahas. Ngunit may tulong para dito. Sa malalaking distrikto ay may tulong para sa mga naging biktima ng bayolente sa **bahay kanlungan** (turvakoti) na maaaring mahingan ng tulong sa ibang distrikto. Makakakuha din ng tulong sa pook na tinitirhan sa **tanggapang panlipunan**, **palusugang pambayan**, **tanggapan ng kalusugang pang-isipan**, at **pampamilyang tagapayo**. Ang karahasan sa pamilya ay maaaring ipagbigay-alam din sa **klinikang pang-ina at pambata**. Ang pamahalaan ay may karapatang tumulong.

Ang nananakit ay nangangailangan rin ng tulong. Sa pook na tinitirhan ang **pamahalaan** at mga **taong dalubhasa ay tumutulong sa gumagawa ng bayolente** na gustong huminto sa pananakit. Sa kagipitan na dulot ng karahasan ang biktima ng bayolente at ang gumawa nito ay kailangang maghiwalay na humingi ng tulong dahil ang biktima ay maaaring mahirapang magsalita kung ang gumawa ay nasa malapit.

Mga Bahay Kanlungan

Bawat isa ay maaaring humingi ng tulong sa bahay kanlungan, kung maging biktima ng karahasan. Maaaring pumunta kaagad sa bahay kanlungan sa panahon ng kagipitan at emerhensiya o makipag-usap sa telepono o sa pamamagitan ng panlipunang tagapaglingkod. Sa bahay kanlungan ang mga ina´t anak ay maaaring manirahang pangsamantala, kung hindi makakauwi dahil sa karahasan, pangbabanta o pananakot at mapanganib. Kasama ng manggagawa sa bahay kanlungan ay mag-isip ng kalutasan sa problema at paraang mahinto ang karahasan. Ang magpapasiya ay ang kustomer mismo. Ang mga bahay kanlungan at mga teleponong maaaring tawagan sa panahon ng kagipitan ay bukas araw at gabi. Sa pook na distrikto ay merong ding mga tirahang ukol sa mga nagigipit.

Kailangan ang karahasan ay mahinto

Sa Finland ang mga nagyayaring karahasan sa loob ng bahay ay krimen na maaring gawan ng sakdal. Ang ibig sabihin ay, ang sakdal na isasampa sa mga nangyaring karahasan sa bahay ay hindi ibinabatay sa pasya ng biktima. Ang taga-usig ay maaaring magsampa ng sakdal kung ang biktima ay hindi sumakdal o kung iniisip na hindi mahalaga ang nangyari.

*Sa **tanggapang panlipunan** ay nagbibigay impormasyon tungkol sa mga bahay kanlungan at- tirahan. Sa panahon ng emerhensiya, sa gabi at katapusan ng linggo ang magbibigay payo ay polis.*

Ang Panggagahasa

Ayon sa batas ng Finland ang panggagahasa ay krimen. Gayundin ang panggahasa sa sariling kabiyak ay krimen. Ang biktima sa panggagahasa ay kailangang tumawag ng **polis** at magpatingin sa **doktor** kaagad sa sandaling naganap ang krimen. Ang panggahasa ay hindi kasalanan ng biktima at hindi kailangang ikahiya. Ang biktima ng panggagahasa ay maaaring humingi ng tulong at suporta sa problemang nilikha ng panggagahasa mula sa **pamahalaan** sa pook na tinitirhan. Sa buong bansa ay matatagpuan sa Helsinki ang nagbibigay serbisyo na **kagipitang-sentro ng** sa **Suportang pambabae** (Tukinainen).

DIBORSIYO

Ang diborsiyo ay kusang-loob na kasunduang maaaring hindi ipagpatuloy. Kung ang pagsasama ay mahirap, may dahilang magdiborsiyo. Ang diborsiyo sa Finland ay pang-

Ang diborsiyo ay kukunin mula sa hukuman



karaniwan. Ang diborsiyo ay maaaring hilingin sa **hukuman** sa pook na tinitirhan. Ang hukuman ay hindi umaalam ng sanhi ng paghihiwalay at hindi rin inaalam ang relasyon ng magkabiyak. Ang diborsiyo ay maaaring ipagkaloob kahit ang isa sa kabiyak ay labag nito.

Ang paghati ng ari-arian kung magdiborsiyo

Sa pagtapos ng pagsasama pagpapasyahan ang paghati ng ari-arian, mga bagay tungkol sa mga bata at kung sino sa magkabiyak ang maiiwang titira sa pamamahay ng pamilya. Kung papaano hahatiin ang ari-arian, nababatay kung saang batas ng bansa ang ari-arian ng magkabiyak pinamamahalaan (tingnan sa pahina 5). Kung ito ay pinamamahalaan ayon sa batas ng Finland, pagkatapos magdiborsiyo ang lahat ng ari-arian ng magkabiyak ay hahatiing pantay sa bawat magkabiyak. Ang tawag dito ay **karapatan ng bawat mag-asawa**. Ang magkabiyak ay maaaring maghati ng ari-arian ayon sa kasunduan. Kung hindi magkasundo sa paghati ng ari-arian, maaaring ang hukuman ay magaatas ng abogadong maglulutas dito.

Ngunit ang ari-arian ay hindi ay hindi hahatiing pantay sa pagdidiborsiyo, kung ang magkabiyak bago nag-asawa o sa panahon ng pagsasama ay gumawa ng **kasunduang ginawa bago magpakasal**. Sa kasunduang ito ay maaaring pagkasunduan na ang kabiyak ay walang karapatan ng bawat magasawa sa ari-arian ng kabiyak o sa bahagi nito. Sa ganitong paraan ang parehong magkabiyak ay may karapatan sa bahagi ng ari-ariang nabanggit sa kasunduang ginawa bago magpakasal. Ang kasunduang ginawa bago magpakasal ay nakakaapekto din sa paghati ng ari-arian kung ang isa sa kabiyak ay mamatay.

*Ang kasunduang ginawa bago magpakasal ay kailangang sa kasulatan. Sa paggawa nito ay kailangang humiling ng tulong ng **panglahat** na **tanggapang** o abogado. Ang kasunduang ginawa bago magpakasal ay iparehistro sa **hukuman** sa pook na tinitirhan.*

Ang epekto ng paghihiwalay sa pahintulot sa paninirahan

Sa sandaling ipagkaloob ang diborsiyo ang pagpatuloy ng pahintulot sa paninirahan o pagkaputol nito ay masugid na pinag-iisipan.Ang paghiwalay ng mag-asawang kasal o hindi kasal ay makaka-apekto sa pahintulot sa paninirahan, kung ang dayuhan ay may pansamantalang pahintulot na ang binabatayan ay may kinalaman sa pamilya. Ngunit kung merong panatilihang pahintulot sa pagtira ang paghihiwalay ay hindi nakakaepekto. Kung nakuha ang panatilihang pahintulot batay sa pag-asawang kasal o hindi kasal na nangyari dahil sa mga maling impormasyon, ang paghihiwalay ay maaaring maapektuhan ang pahintulot sa paninirahan.

Ang pagkaloob ng pahintulot sa paninirahan ay palaging pinag-iisipan. Ang pamahalaan ay nagbibigay-pansin sa lahat na mga bagay na may kinalaman sa magiging pagba-

batayan ng pagkaloob nito. Ang kalutasan ay umaapekto rin sa kung saan ang dayuhan merong mabigat na kaugnayan sa Finland o sa unang bayang tinirahan. Ang dating asawang Finnish ay hindi makakapag-utos sa pamahalaang huwag ipagpatuloy ang pahintulot sa paninirahan.

Kung ang maghihiwalay na tao ay merong pansamantalang pahintulot sa paninirahan, kailangang tumagal ng dalawang taon muna ang pagtira sa Finland bago mabigyan uli ng pahintulot na magpatuloy. Kung ang dayuhan ay buntis o merong anak sa Finland, may trabaho o nag-aaral, ang pahintulot sa pagtira ay maaaring pag-isipan kahit hindi pa umaabot ng dalawang taon ang pagtira sa Finland.

Ang dalawang taong paninirahan ay hindi rin hinihiling kung ang pag-asawa sa kasal o hindi kasal ay umabot sa hiwalay dahil sa pagiging bayolente ng kabiyak. Ang pagkabayolente ay kailangang maipatunay sa pamamagitan ng sapat na paliwanag sa namamahala ng pahintulot. Ang patunay ay halimbawa, sertipiko mula sa doktor sa mga pasa na likha ng pananakit sa katawan o sa salaysay ng pampamilyang tagapayo. Sa paghiling ng pahintulot sa paninirahan ay kailangan ring isali ang paliwanag ng humihiling sa kanyang sariling kalagayan.

Ang kalagayan ng bata sa diborsiyo

Ang gawain ng nag-aalaga sa bata ay maibigay ang kabutihan ng bata, mapalaki at maging balanse ang kaunlaran.Ang kahulugan ng pag-aalaga ay ang karapatang mag-alaga ng bata at gumawa ng pasyang may kinalaman sa kanya. Kung kinakailangan, ang nag-aalaga ay siyang mangangatawan/ maglalarawan sa kanya sa panahon ng paglilitis at sa harap ng pamahalaan. Ang nag-aalaga lang ang maaaring maglagay ng pangalan ng bata sa kanyang pasaporte.

Ang isinilang na bata sa loob ng matrimonyo, ang nag-aalaga ay mga magulang. Sa paghihiwalay ng mga magulang ay magiging mahirap din sa bata at meron siyang karapatan kahit sa pagkatapos ng diborsiyo ng kalinga mula sa bawat magulang. Kaya, sa diborsiyo inaayos na maging **parehong tagapag- alaga** ang bawat magulang.

Kung maaari ang mga magulang ay magkasundo sa panahon ng diborsiyo kung sino ang mag-aalaga ng bata at magpapasya ng tirahan. Ang kasunduan ay maaaring pagtibayin ng tanggapang panlipunan halimbawa ay sa **tanggapan ng mga bagay pampamilya**. Kung ang magulang ay hindi magkasundo, ang pasya sa kung sino ang mag-aalaga ay gagawin sa pamamagitan ng paglitis sa hukuman. Doon, ang magiging pasya ay umaa-

Sa diborsiyo ay pagkakasunduan ang mga bagay na may kinalaman sa bata

PAGPIPILIAN 1

PAREHONG TAGAPAG-ALAGA

Kung parehong tagapag-alaga ang mga magulang ay parehong magpapalaki sa bata at magpapasya sa mga bagay na may kinalaman sa bata kahit matapos ang diborsiyo. Mangyayari ito na ang magpapasya ng maraming bagay ay ang magulang na siyang tinitirahan ng bata. Ang isang nag-aalaga naman ay kailangan ang sangayon halimbawa sa paggawa ng pasya ukol sa

- *tirahan ng bata kung lilipat (lalo na sa ibang bansa)*
- *pagkaloob ng pasaporteng finnish*
- *mga isasagawang bagay ukol sa kalusugan*
- *pagpalit ng pangalan o relihiyon*
- *edukasyon*
- *paggamit ng pera ng bata*

PAGPIPILIAN 2

ISA ANG TAGAPAGALAGA

Isa sa mga magulang ang nag-iisang nag-aalaga ng bata at nag-iisa ring gumagawa ng pasya sa mga bagay na may kinalaman sa bata.

pekto sa pakinabang ng bata at mula sa napag-alamang kalagayan ng mga magulang na ginawa ng panlipunang namamahala.

Kung parehong mag-aalaga ay nangangailangan mula sa mga magulang ng kakayahang makibahagi, kahit sila ay hindi nagkakaunawaan sa isa´t-isa. Kung ang mga kinakailangan sa pagiging parehong mag-aalaga ay kulang, maaaring hindi ipagpatuloy at iatas sa isang magulang na maging **isang tagapag-alaga**.

Karapatang makipagkita

Kahit na sa diborsiyo ang mapagpasyahan ay pareho- o isang tagapag-alaga, ang bata ay may karapatang pangalagaan ang kapinsanan at mabubuting relasyon ng bawat ina at ama. Ang bawat magulang ang titiyak na ang bata ay madalas na makita ang isa sa mga magulang na hindi niya tinitirahan. Ang isa sa magulang ay karapatan ng batang makita, at hindi ito maaaring tanggihan ng dating kabiyak.

Tulong at Sustento para sa ikabubuhay (Elatusapu)

Bawat magulang ng bata ay may kapanagutang alagaan ang ikabubuhay ang bata. Kung ang magulang ay magkahiwalay ng tirahan, ang bata ay may karapatang makatanggap ng **tulong para sa ikabubuhay** mula sa magulang na hindi niya tinitirahan. Ang halaga nito ay pinatitibay o tagabantay at taga-ingat ng bata sa pamamagitan ng kasunduan o sa mula sa pasya ng hukuman. Ang laki ng kapanagutang pagbigay ay binabatay sa sahod ng magsusustento. Kung hindi mababayaran ang napagkasunduang tulong, ang bata ay may karapatang makatanggap ng **sustento para sa ikabubuhay** (elatustuki).

*Ang kalagayan ng bata sa diborsiyo ay pinagbibigay-alam ng **tagabantay o taga-ingat ng bata** at **panlipunang manggagawa**.*

Makipag-alam sa mga awtoridad

TANGGAPAN NG TAGAPANGASIWANG PANTAY-PANTAY

(Tasa-arvovaltuutetun toimisto)

Ang tagapangasiwa ng pagiging pantay-pantay ay tumutulong sa taong itinuturing na iba para mabantayan ang kanyang karapatan. Mula sa tagapangasiwa ng pagiging pantay-pantay ay maaaring humiling ng salaysay kung ang nangyaring ibang pagtuturing ay dahil sa kasarian. Ang gawain ng tagapangasiwa ng pagiging pantay-pantay ay ang

- bantayan ang pagpasunod ng batas sa pantay na pagturing sa bawat kasarian at lalo na sa pagbawal sa naiibang pagturing sa kapuwa at pagpasunod nito
- mapaunlad ang paninimula sa pamamagitan ng payo at patnubay na pinahahalagahan ng batas
- magbigay ng impormasyon mula sa batas ng pantay-pantay na turing at sa pagpasunod nito
- sundan ang bawat babae at lalake sa pagsunod ng pantay-pantay na turing sa buhay ng lipunan sa iba´t-ibang lawak.

Tanggapan ng tagapangasiwang pantay-pantay
Postal adres: PL 33,
00023 VALTIONEUVOSTO
Pumunta sa adres: Mikonkatu 2 D, 6 palapag
00100 Helsinki
Tel. (o9) 160 4582
E-mail: tasa-arvo@stm.vn.fi
www.tasa-arvo.fi

KAWANIHANG PANDAYUHAN

(Ulkomaalaisvirasto)

- lumulutas ng mga bagay na may kinalaman sa pagdating ng bayan, pahintulot sa paninirahan sa bayan at tungkol sa mga refugees
- lumulutas sa mga bagay na may kinalaman sa pagiging mamamayan ng Finland
- lumilikha ng serbisyong may laman na impormasyon para sa pamahalaan at pang-ibang bansang kasapi
- nag-iingat ng talaan ng mga dayuhan

Ang kawanihan ng pandayuhan ay naglilingkod sa mga sumusunod:
Pagtatanggap ng mga dokumento:
Lunes- Biyernes alas 8.00–16.15
Katanungang may kinalaman sa aplikasyon ay sa pamamagitan ng sulat o telepono
Pagtawag sa telepono:
Martes – Huwebes mula sa numerong (09) 476 5500
Mga bagay kung lilipat sa ibang bansa alas 10–11
Refugees at para sa naghahanap ng pook na ligtas alas 14–15
Pagkuha ng bagong pagkamamamayan alas 14–15
Katanungang may kinalaman sa pagdating ng aplikasyon at sa pagtingin nito ay lunes-biyenes alas 8.00–16.15, sa numerong 0300 44300, ang halaga ay 0,08 €/ minuto + lokal na halaga ng net

Kawanihang pandayuhan
Postal adres: PL 92, 00531 Helsinki
E-mail: ulkomaalaisvirasto@uvi.fi
www.uvi.fi

KAGAWARANG PAHINTULOT NG MINORYA

(Vähemmistövaltuutetun toimisto)

Ang pakay ng kagawarang pahintulot ng minorya ay ang madaliang pagbigay-pansin sa pagturing na iba sa mga ibang lahi, mapaunlad ang mabuting relasyon sa ibang lahi, maayos ang karapatan ng ibang lahing minorya at karapatan ng dayuhan gayundin ang pagbantay sa pagturing na iba sa ibang lahi at maipasunod ang prinsipyo nito. Ang gawain ng kagawarang pahintulot ng minorya ay:

- sundan at mapagaling ang kalagayan at karapatan ng dayuhan at ibang lahi na minorya.
- mag-ulat ng tungkol sa pantay na katuparan at gumawa ng nararapat na hakbang kung may napunang pagturing na iba sa kapwa at lutasin ang suliranin.
- magbigay ng kaalaman sa ibang lahi na batay sa pagturing na iba at sa ibang lahing minorya at karapatan ng dayuhan na may kinalaman sa paggawa ng batas at sa pagpasunod nito.
- gumanap para sa kagawarang pahintulot ng minorya sa paggawa ng batas pangdayuhan (378/199) mga gawain.

Kagawarang pahintulot ng minorya
Postal adres: PL 34
00023 VALTIONEUVOSTO
Tel. 09-160 06
E-mail: vahemmistovaltuutetun.toimisto@mol.fi
www.mol.fi/vahemmistovaltuutettu

Ang pagiging pantay-pantay sa Finland –

mga impormasyon para sa dayuhang babae at lalake

Ang uhilya ay naglalaman ng iba pang impormasyon halimbawa tungkol sa mga bagay na sumusunod:

- *Pag-aasawa*
- *Pagpalaki sa bata at pagpasok sa eskuwela*
- *Pag-aaral sa Finland*
- *Paghanap ng trabaho*
- *Mga kahirapan sa buhay-pamilya*

Painettua esitettä on saatavana eri kielillä:

- *suomi*
- *englanti*
- *venäjä*
- *kurdi*
- *vietnam*
- *somali*
- *takalogi*
- *thai*

Myös muita kieliversioita löytyy osoitteesta www.mol.fi/migration

Esitteen tilaus:
Edita Prima Oy
prima.asiakaspalvelu@edita.fi
tel. 020 450 011

TYÖMINISTERIÖ
www.mol.fi